# PIVOT 4A
# LEARNER'S MATERIAL

## GRADE 1 - Filipino




## QUARTER 3

MELC based SLM
DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang -aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

# Filipino

## Unang Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Loraine T. Rivera
**Content Creator & Writer**

Elaine T. Balaogan
**Internal Reviewer & Editor**

Ephraim L. Gibas & Marco D. Llego
**Layout Artist & Illustrator**

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas
**IT & Logistics**

Roy Rene S. Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

WEEK 1

# Pagsulat ng Wastong Baybay at Bantas ng mga Salita

I

## Aralin

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang mababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin, salitang may tatlo o apat na pantig, maisusulat nang may wastong baybay at bantas ang mga salitang ididikta ng guro o sinumang nakatatandang kasama sa bahay.

Ang ispeling o pagbabaybay ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga letrang bumubuo sa isang salita.

**Basahin ang mga letra:**

**Mga Patinig**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Aa<br>/ey/ | Ee<br>/i/ | Ii<br>/ay/ | Oo<br>/o/ | Uu<br>/yu/ |

**Mga Katinig**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Bb<br>/bi/ | Cc<br>/si/ | Dd<br>/di/ | Ff<br>/ef/ | Gg<br>/dyi/ |
| Hh<br>/eyts/ | Jj<br>/dyey/ | Kk<br>/key/ | Ll<br>/el/ | Mm<br>/em/ |
| Nn<br>/en/ | Ňñ<br>/enye/ | NGng<br>/en dyi/ | Pp<br>/pi/ | Qq<br>/kyu/ |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Rr | Ss | Tt | Vv |
| /ar/ | /es/ | /ti/ | /vi/ |
| Ww | Xx | Yy | Zz |
| /dobolyu/ | /eks/ | /way/ | /zi/ |

Ang tawag sa mga letra ng alpabetong Filipino ay ayon sa bigkas Ingles ng mga Pilipino maliban sa ñ (enye).

Ang pagbigkas o pasalitang pagbabaybay sa Filipino ay ginagamitan ng titik at hindi ito pinapantig.

Ilan sa mga halimbawa ng mga salitang may tatlo (3) o apat (4) na pantig.

| Salita | Baybay |
|---|---|
| batuta | /bi-ey-ti-yu-ti-ey/ |
| platito | /pi-el-ey-ti-ay-ti-o/ |
| Filipino | /Kapital ef-ay-el-ay-pi-ay-en-o/ |
| abaniko | /ey-bi-ey-en-ay-key-o/ |
| Katipunan | /Kapital key-ey-ti-ay-pi-yu-en-ey-en/ |

## Mga Bantas ng Salita

1. **Tuldok. (.)** Ginagamit ang tuldok sa katapusan ng pangungusap na pasalaysay, pautos, o salitang di-naglat.

   Halimbawa:

   Ang hangin sa bukid ay sariwa.

   Kuhanin mo ang aklat sa ibabaw ng mesa.

   Si Gng. Reyes ay mabait na kapitbahay.

2. **Pananong. (?)** Ginagamit ang tandang pananong sa pangungusap na nagtatanong.

   Halimbawa:

   Sino ang ating Pambansang Bayani?

3. **Padamdam. (!)** Ginagamit ang tandang padamdam sa hulihan ng kataga o pangungusap na nagsasaad ng matinding damdamin.

   Halimbawa :

   Naku! Nasusunog ang bahay.








4. **Kuwit. (,)** Ginagamit ang kuwit sa paghihiwalay ng mga salita at lipon ng mga salitang magkakauri.

   Halimbawa:

   Bumili si Nanay ng isda, gulay, at karne sa palengke.

# D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang larawan. Isulat ang wastong baybay ng sumusunod na larawan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


| | |
|---|---|
| 1.  | 2.  |
| 3.  | 4.  |
| 5.  | 6.  |
| 7.  | 8.  |
| 9.  | 10.  |


E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang wastong baybay ng larawan. Lagyan ang pangungusap ng wastong bantas. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang  ay mapait __

2. Nakita mo ba ang Kalihim ng Edukasyon sa ___ 

3. Aray __ Nakagat ako  ng ( ) __

4. Nasira nina Michael __ Noli__ at Lino ang  __

5. Nakasimba ka na ba sa inyong  __

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Sa aking pagkaunawa, ang tawag sa mga letra ng _________ Filipino ay ayon sa bigkas-Ingles ng mga Pilipino maliban sa ñ (enye).

# Pagbibigay ng Susunod na Pangyayari sa Napakinggan o Nabasang Kuwento

I

## Aralin

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang maibibigay ang susunod na mangyayari sa napakinggan o nabasang kuwento at makapagsasalaysay ng orihinal na kuwento kaugnay ng napakinggan o nabasang kuwento.

Madalas na gamitin sa pagpapahayag ang **paghihinuha.** Ito ay mga pahayag ng mga inaakalang mangyayari sa isang sitwasyon o kondisyon. Ito ay puwedeng pasulat o pasalita.

Ilan sa mga halimbawa ng salita na ginagamit sa paghihinuha.

1. **Marahil.** Marahil ay naipit siya sa trapik kaya hindi pa siya nakauuwi.
2. **Baka.** Baka hindi ako makarating sa iyong kaarawan.


D

### Ang Kuneho at ang Pagong
ni Aesop

May isang kuneho na nagyayabang sa iba pang mga hayop tungkol sa kaniyang bilis at naghahamon pa ng paligsahan. Tinanggap ng isang pagong ang kaniyang hamon. Sa simula ay inakala ng kuneho na ito ay isang biro, ngunit seryoso ang pagong. Sinimulan ang paligsahan at sa simula ay buong bilis na tumakbo ang kuneho.

Napansin niya na sobrang layo na niya sa pagong. Pinagtawanan ng kuneho ang pagong.

Nagpasiya ang kuneho na matulog muna dahil sa pakiwari niya ay hindi na makahahabol sa kaniya ang pagong. Ang pagong naman kahit mabagal ay patuloy sa kaniyang paglakad.



Sino kaya ang mananalo sa karera? Bakit?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang ugaling taglay ng kuneho?
3. Ano'ng ginagawa ng pagong habang natutulog ang kuneho?
4. Maganda ba ang ugaling mayabang?
5. Ano'ng aral ang napulot mo sa kuwento?
6. Sa palagay mo, mananalo ba ang kuneho sa karera? Bakit?


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Ibigay ang susunod na mangyayari sa kuwento. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Isang araw ng Sabado, maagang gumising ang mag-anak nina Mang Jose at Aling Tinay. Bitbit ng mag-anak ang damit pampaligo. Maingat silang nakarating sa kanilang patutunguhan.


## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pagsunod-sunurin ang mga larawan. Lagyan ng bilang 1-5 ang mga larawan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

A 

B 

C 

D 

E. 

## A

Kompletuhin ang salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Napag-alaman ko na ang pagbibigay ng hinuha ay haka-haka lamang. Kaya dapat ako ay maingat sa pagpapahayag upang di ako makasakit ng **d_md_m_n** ng iba.

# Gamit ng mga Salitang Pamalit sa Ngalan ng Tao

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang magagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya, tayo, kayo, sila).




Ang salitang ikaw at ako ay mga halimbawa ng **panghalip.**

Halimbawa :

Ang pangalan ko ay Rina. **<u>Ako</u>** ay masayahing bata. ( Ang panghalip ay ako, pamalit sa pangalang Rina).

Tinanong ni Myra si Jojo. **<u>Ikaw</u>** ba ay marunong nang bumasa? (Ang panghalip ay ikaw, pamalit sa pangalang Jojo).

Si Liza ay mahusay sumayaw. **<u>Siya</u>** ay mahilig sa modernong sayaw. ( Ang panghalip ay siya, ipinalit sa pangalang Liza).

Ang aking mga kapitbahay ay masayang nagdiwang ng Pasko. **<u>Sila</u>** ay nagpalitan ng mga regalo. (Ang panghalip ay sila, pamalit sa salitang mga kapitbahay).

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Piliin ang wastong panghalip sa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Aubrey, linisin mo ang iyong sapatos. ( Siya, Ikaw) na rin ang magtago niyan sa lalagyan.
2. Tutulungan (sila, tayo) ng mga kapitbahay natin sa paglilipat-bahay.
3. Ang sipag niyang mag-aral. Tularan mo (siya, sila).

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang wastong panghalip. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Upang huwag mahawa sa sakit na lumalaganap ngayon, dapat __________ sumunod sa tagubilin ng mga nars at doktor.
2. Ang aking ina ay masipag gumawa ng mga gawaing bahay. ______ ay isang huwarang magulang.
3. __________ na lamang ang maglinis ng bahay at ako naman ang maghuhugas ng mga plato.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Punan ng wastong panghalip ang talata. Kumuha ng sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ako | Ikaw | Siya | Sila | Tayo |

### Ang Ating Kapaligiran

Ang ating kapaligiran ay isang biyaya na nagmula sa Diyos. 1. _________ din ang nagbibigay-buhay sa kalikasan. Upang hindi masira ang ating kapaligiran, dapat 2. ________ lahat ay magtulong-tulong sa pangangalaga nito. 3. __________ bilang isang mabuting mamayan ay makatutulong sa pagtatapon ng basura sa tamang tapunan at 4. ______ naman bilang aking kamag-aaral ay may tungkulin ding makibahagi sa pagpapaganda at pagsasaayos ng ating kapaligiran.

Ang atin namang mga nakatatanda ay patuloy pa sanang magtanim ng mga puno upang maiwasan ang pagkakaroon ng baha. 5. ______ ay makatutulong nang malaki sa kalikasan.

## A

Basahin at kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Nabatid ko na ang mga salitang **ako**, **ikaw**, **siya**, **tayo**, at **kayo** ay mga salitang panghalip ________.

# Pagbibigay ng Paksa ng Talata at Tula



I

Aralin

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang maibibigay ang paksa ng talata o tula at matutukoy ang salita o pangungusap sa isang talata.

Ano ang **talata**?

Ang **talata** ay binubuo ng isa o lipon ng mga pangungusap na magkakaugnay. Ito ay binubuo rin ng pangunahing paksa at pantulong na detalye. Ang pangunahing paksa ay tumutukoy sa tema ng talata.

Halimbawa:

Si Dr. Jose Rizal ay ating Pambansang Bayani. Siya ay ipinanganak noong ika-19 ng Hunyo 1861 sa Calamba, Laguna. Namatay siya sa Bagumbayan na ngayon ay Luneta. Namatay siya noong ika-30 ng Disyembre 1896.

D

Basahin at unawain ang talata.

**Andres Bonifacio**



Si Andres Bonifacio ay isa sa ating Pambansang Bayani. Ipinanganak siyang mahirap. Maaga siyang naulila sa mga magulang kaya hindi siya nakapag-aral.

Ngunit sa sariling pagsisikap, natuto siyang bumasa at sumulat. Tinuruan siyang bumasa ng kaniyang ate. Napaunlad niya ang kaalamang ito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ibigay ang paksa ng talata na iyong binasa. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________


## E

Basahin at unawain ang mga tula.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Ibigay ang paksa ng tula. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

**Aklat**

Ako ay aklat maraming
nakasulat,
Ako'y pangalagaan,
Laging pag-ingatan,
Sa kinabukasan mo,
Ako'y maaasahan.



## Ang Aking si Bantay



Ang aking alaga, Bantay ang pangalan,
Sa araw at gabi kami'y inaalagaan,
Kapag nakakita ng mga kalaban,
Ipagtatanggol aming sambahayan.


## Bagyo

ni: Loraine T. Rivera



Ang dulot mo'y takot,
Sa bawat pag-ikot,
Malakas mong hangin,
Saan ka dadalhin?

## Watawat



Ang ating bandila ay may tatlong kulay,
Pula ang sagisag ng katapangan,
Puti naman ay kalinisan,
At bughaw ay kagitingan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Ibigay ang paksa ng talata. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Nang magbukas ng radyo at makinig ng balita ang Tatay ni Rosie ay laking gulat nito sa narinig. May paparating na napakalakas na bagyo ang pangalan ay "Rolly". Hindi na nagdalawang-isip ang kaniyang ama at ipinaghanda na niya ang kaniyang pamilya. Ayaw na niyang maranasan pa ang nangyari sa nakaraang bagyong Ondoy.

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Nabatid ko na kung bubuo ako ng isang talata ang mga pangungusap na aking gagawin ay ________________ o magkakapareha.

WEEK 5

# Paglalarawan ng Damdamin ng Tauhan sa Kuwento

Aralin

## I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang mailalarawan ang damdamin ng isang tauhan sa kuwentong napakinggan o nabasa at maipahahayag ang sariling idea, damdamin o reaksiyon tungkol sa kuwento, tekstong pang-impormasyon, at tula.

Ang pagpapahayag ng damdamin, reaksiyon, at ideya ay pagbibigay ng sariling isipan, saloobin, at karanasan. Maaaring ipahayag ang damdamin/ reaksiyon o ideya nang pasalita o pasulat.


Ilan sa mga halimbawa ng pagpapahayag ng damdamin.

| | | |
|---|---|---|
| pagkatuwa | pagkatakot | panghihinayang |
| pagkagulat | pagkainis | pagkagalit |
| pag-iwas | pagkamuhi | pagdadalamhati |

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tingnan ang larawan. Isulat ang letra ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong kuwaderno.


A


B


C


D


________1. Yehey! Nakapasa ako sa pagsusulit.
________2. Bakit mo sinira ang laruan ng kapatid mo?
________3. Wow! Ang ganda-ganda mo ngayon.
________4. Marami ang pumanaw sa taong 2020 dahil sa lumaganap na sakit na COVID.
________5. Naglulundag kami noong Bagong Taon para tumangkad.

Basahin at unawain ang kuwento.

### Ang Pangarap ng Pagong
Halaw kay Esopo

Isang araw nagkita ang magkakaibigang ibon at pagong. Sinabi ni Pagong na matagal na niyang gustong maranasang lumipad. Sumagot naman ang dalawang ibon.

"Sige, tutulungan ka naming matupad ang pangarap mo," sabay na sagot ng dalawang ibon. "Kukuha kami ng patpat at sabay naming tatangayin ang dalawang dulo. Kakagatin mo naman ang gitna upang madala ka namin sa itaas."



Lumipad nang lumipad ang tatlong magkakaibigan. Hangang-hanga ang maraming taong nakakita sa kanila. Dahil sa paghanga ng mga tao, hindi napigilan ni Pagong na ibuka ang kaniyang bibig at batiin ang tao sa ibaba.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang matagal nang pangarap ni pagong?
2. Paano tinulungan ng dalawang ibon ang pagong para makalipad.
3. Sino ang mga nakakita sa magkakaibigan habang sila ay lumilipad?
4. Ano'ng damdamin o reaksiyon ng mga tao nang makitang lumilipad ang tatlo?
5. Ano'ng aral ang napulot mo sa kuwento?

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Isulat ang damdamin o reaksiyon sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| A. pagkatuwa | F. pagsisisi |
| B. panghihinayang | G. pagtatampo |
| C. pagkatakot | H. pagkagulat |
| D. pag-aalala | I. pagkainis |
| E. paghanga | |

______ 1. Malakas ang buhos ng ulan at nagbabadya ang pagbaha.

______ 2. Nagtakbuhan ang mga tao sa pagsalakay ng mga armadong lalaki.

______ 3. Hindi ako ang tumama sa grand prize.

______ 4. Ang ganda ng regalong manika ni Lolo sa akin.

______ 5. Napansin ng lahat ng tao ang damit ng bunso namin pero sa akin ay hindi.

## A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Sa aking pagmamasid sa iba't ibang uri ng tao may iba't iba rin silang ________ o emosyon sa pagpapahayag ng kanilang reaksiyon sa mga pangyayari.

## Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggan o Nabasang Kuwento



Aralin


### I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahan na maipahahayag ang sariling idea tungkol sa tekstong napakinggan o nabasa at maiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggan o nabasang kuwento.

Sa araw-araw na makikinig tayo ng radyo, manonood ng telebisyon o di kaya ay magbabasa ng diyaryo, marahil ay maiuugnay natin ang mga pangyayari sa ating buhay. Ang karanasan ay pangyayari sa ating buhay na nagdudulot ng kasiyahan, kalungkutan, at kagalakan. Nagiging matatag nating nahaharap ang mga pagsubok sa buhay sa tulong ng karanasan.

### D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gumawa ng isang pangungusap tungkol sa karanasan mo ngayong hindi ka nakapapasok sa inyong paaralan. Ilagay ito sa loob ng lobo. Gawin ang sagot sa iyong kuwaderno.



Basahin at unawain ang kuwento.



## Kaarawan ni Lucy

Maagang gumising si Lucy. Kaarawan niya ngayon. Masayang-masaya siya. Dumating ang kaniyang mga kamag-aaral. May mga dala silang regalo. Dumating din ang kaniyang Lolo at Lola. Abalang-abala ang Nanay niya sa paghahanda ng pagkain.

Nagsimula nang umawit ng "Happy Birthday Song" ang kaniyang mga kaibigan. Pagkatapos nito ay hinipan na ni Lucy ang kandila ng **cake** na binili ng kaniyang ama. Nagpasalamat si Lucy sa lahat ng dumalo sa kaniyang kaarawan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sino ang nagdiriwang ng kaarawan?
2. Sino-sino ang bisita ni Lucy?
3. Ano ang dala ng kaniyang kamag-aaral?
4. Naranasan mo na ba ang magdaos ng kaarawan?
5. Ano ang iyong naramdaman nang sumapit ang kaarawan mo?

E

Basahin at unawain ang kuwento.

**Nanghinayang si Nanette**
ni: Loraine T. Rivera

Bata pa si Nanette ay gustong-gusto na niyang pumasok sa paaralan. Gusto niyang magkaroon ng maraming kaibigan. Gusto rin niyang maranasan ang magsuot ng uniporme at magdala ng bag.

Ngayong sumapit ang kaniyang ikalimang taong kaarawan ay tuwang-tuwa siya dahil papasok na siya sa Kindergarten. Hindi natuloy ang kagustuhan ni Nanette dahil nitong Marso 2020 ay nagkaroon ng lumalaganap na sakit na COVID-19.

Sobrang panghihinayang ni Nanette dahil sa utos ng pamahalaan na hindi palalabasin ang mga bata at wala munang papasok sa paaralan hanggang walang bakuna.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang mga tanong**.** Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang kahilingan ni Nanette?
2. Bakit gustong-gusto niyang makapasok sa paaralan?
3. Ano ang lumalaganap na sakit?
4. Ano'ng karanasan ni Nanette ang maiuugnay o maihahalintulad mo sa iyong sarili?
5. Nalulungkot ka rin ba katulad ni Nanette na hindi ka nakapapasok sa iyong paaralan? Bakit?

A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Sa mga pangyayari o **ka_an_sa_** natin sa buhay, ito ay nagdudulot ng katuwaan, kagalakan, at kalungkutan. Tumutulong din ito upang mahubog ang ating pagkatao.

# Pagpapalit at Pagdaragdag ng mga Tunog sa Pagbuo ng Bagong Salita

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapalit at makapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng mga bagong salita at matutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan.

Ang mga salita ay maaaring dagdagan o palitan ng isang letra sa unahan, gitna, o sa hulihan upang makabuo ng bagong salita.

**Halimbawa ng pagpapalit ng mga letra.**

Sa unahan -baso -laso

Sa gitna -aliw-agiw

Sa hulihan -baha -baho

**Halimbawa ng pagdaragdag ng mga letra.**

Sa unahan - l + asa = lasa


Sa gitna - payo = panyo

Sa hulihan -mano + k = manok


Sa pagdaragdag at pagpapalit ng letra ng mga salita ay nakakabuo tayo ng mga bagong salita. Matutukoy din natin ang ugnayan ng salita o teksto sa larawan pag nakabuo tayo ng bagong salita.

Mga halimbawa


Baso. Ito ay sisidlang yari sa kristal, plastik o kahoy na ginagamit sa pag-inom.




Laso. Ito ay piraso ng tela o kauri nito na ginagamit na pantali o pandekorasyon.



Mano. Ito ay ang pagkuha ng kamay ng nakatatanda at pagdantay nito sa noo bilang tanda ng paggalang.



Manok. Ito ay isang hayop na kauri ng ibon ngunit higit na malaki at mababa lamang kung lumipad.



## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Bilugan ang letra na maaaring idagdag sa salita. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. __ asal ( h, t, d, g )


2. santo__ ( k, h, f, l )


3. ga__ot ( m, w, p, r)


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Piliin ang letra na maaaring ipalit sa letrang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


1. bulak ( l, g, k, t )
2. lapis ( t, y, r, p)

**Gawain sa Pagkatuto Bílang 3**: Piliin sa panaklong ang katumbas na salita ng larawan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1.  (unggoy, aso, pusa)


2.  (bahay, simbahan, tore)

3.  (bundok, lupa, dagat)

4.  (bag, sombrero, panyo)


## E


**Gawain sa Pagkatuto Bílang 4:** Buoin ang salita gabay ang larawan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1.  bas_

2.  _alon

3.  __ola

4.  p_sa

5.  __akal

## A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Maaari na akong magdagdag o magpalit ng isang tunog sa ____________, ________________, __________________ upang makabuo ng bagong salita.

# Paglalarawan at Pagtukoy ng Kasarian ng mga Pangngalan



Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makababasa ng mga salita at babala na madalas makita sa paligid, makapaglalarawan ng mga bagay, tao, hayop, pangyayari at lugar, at matutukoy ang kasarian ng pangngalan.

Ano ang **pangngalan**? Ito ay salita o bahagi ng salita na tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar, at pangyayari.

**Mga halimbawa**

| Tao | Hayop | Bagay | Lugar | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| lolo | usa | bola | Maynila | Pasko |
| guro | pusa | mesa | parke | Bagong Taon |
| mananahi | manok | lapis | plasa | pista |
| pinsan | tigre | plato | palengke | Santacruzan |
| kapatid | ibon | bag | Tagaytay | kaarawan |
| magulang | baka | manika | paaralan | Araw ng mga Puso |

## Mga Kasarian ng Pangngalan

1. **Panlalaki.** Ito ay pangngalang nauukol sa ngalan ng lalaki.
   **Halimbawa: lolo, nobyo, kuya, ginoo, kusinero, manong, ninong, hari**
2. **Pambabae.** Ito ay pangngalang nauukol sa ngalan ng babae.
   **Halimbawa: lola, nobya, ate, ginang, kusinera, manang, ninang, reyna**
3. **Di-Tiyak.** Ito ay tumutukoy sa ngalan ng babae o lalaki.
   **Halimbawa: guro, pinsan, anak, manlalaro, mananahi**
4. **Walang kasarian.** Ito ay tumutukoy sa pangngalang walang buhay.
   **Halimbawa: lapis, silya, plato, medalya, tungkod, mesa, baso, plato**

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin kung ang mga sumusunod na salita ay panlalaki, pambabae, di-tiyak, at walang kasarian. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. bola
2. Ninong
3. relo
4. regalo
5. ate
6. guro
7. kapatid
8. palaruan
9. palengke
10. sabon

**Gawain sa Pagkatuto Bílang 2:** Salungguhitan ang pangngalan at tukuyin kung ito ay **panlalaki, pambabae, di-tiyak at walang kasarian.** Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Pawis na pawis ang mga manlalaro pagkatapos ng kanilang laban.
2. Malakas ang bagyo na dumaan sa Pilipinas.
3. May pasalubong sa akin ang aking tiyo.
4. Pupunta kami sa plasa mamaya.
5. Madalas mabali ang lapis ko.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang babala at isulat ang nakitang mga pangngalan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Bawal pumitas ng bulaklak.



2. Mag-ingat sa aso.



3. Tumawid sa tawirang daan.



4. Bawal magtapon ng basura.



5. Umiwas sa mga natumbang puno



A

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Nabatid ko na may apat na kasarian ang pangngalan. Ito ay ang ____________, ______________, ____________, at ____________.

# Susi sa Pagwawasto

| | | |
|---|---|---|
| **Week 1**<br>GSPB1<br>1. paaralan<br>2. kawayan<br>3. elepante<br>4. kalabasa<br>5.palaruan<br>6.saranggola<br>7. butiki<br>8. gusali<br>9. magsasaka<br>10. watawat | **Week 2**<br>GSPB1<br>1. kuneho at pagong<br>2. mayabang<br>3. lumakad nang lumakad<br>4. hindi po<br>5. huwag mapagmalaki<br>GSPB4<br>1. damdamin | 1 **Week 3**<br>GSPB1 GSPB2<br>1. ikaw 1. tayong<br>2. tayo 2. siya<br>3. siya 3. ikaw<br>4. kayo<br>5. Ako<br>GSPB3 GSPB4<br>1. siya panao<br>2. tayong<br>3. ako<br>4. ikaw<br>5. sila |
| **Week 4**<br>GSPB1<br>1. nagsikap si Andres Bonifacio na bumasa at sumulat<br>GSPB2<br>Pangalagaan ang aklat<br>GSPB3<br>Maalaga si Bantay<br>Ang ating bandila ay may tatlong kulay.<br>Paghahanda sa pagdating ng bagyo.<br>GSPB4<br>magkakaugnay | **Week 5**<br>GSPB1<br>1. D<br>2. C<br>3. A<br>4. B<br>5. D<br>GSPB2<br>1. makalipad<br>2. tinangay ang dulo ng patpat<br>3. Mga tao sa ibaba<br>4. Paghanga<br>GSPB3<br>1. D<br>2. C<br>3. B<br>4. A<br>5. G<br>GSPB4<br>1. damdamin | 1 **Week 6**<br>GSPB2<br>1. si Lucy<br>2. kamag-aaral/kaibigan<br>3. regalo<br>GSPB3<br>1. makapasok sa paaralan<br>2. magkaroon ng maraming kaibig-an, magsuot ng uniporme at magdala ng bag<br>3. COVID-19<br>GSPB4<br>karanasan |
| **Week 7**<br>GSPB1<br>1. d<br>2. l<br>3. m<br>GSPB2<br>4. t<br>5. t | **Week 8**<br>GSPB1<br>1. walang kasarian<br>2. panlalaki<br>3. walang kasarian<br>4. walang kasarian<br>5. pambabae<br>6. di-tiyak<br>7. di-tiyak<br>8. walang kasarian<br>9. walang kasarian<br>10.walang kasarian | **Week 8**<br>GSPB3<br>1. bulaklak<br>2. aso<br>3. tawirang-daan<br>4. basura<br>5. puno<br>GSPB4<br>1. panlalaki<br>2. pambabae<br>3. di-tiyak<br>4. walang kasarian |

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral



Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.

☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito.

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

| Week 5 | LP | Week 6 | LP | Week 7 | LP | Week 8 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.

## Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0.* Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs